# *Ministeryo Yugto 1*

Ang Salitang ministeryo ay ginamit nang husto sa paglilingkod sa Dios. Sa kalipunang ito ng mensahe, magkakaroon tayo ng maikling salaysay tungkol sa paggamit nito. Ang Kasulatan ay magbibigay sa atin ng mas malinaw na pag unawa tungkol sa kung ano ang ministeryo. Liliwanagan ng Kasulatan ang isipan ng bawat manggagawang nagtakda ng kanyang puso na maglingkod sa Dios.

Sa Lumang Tipan makikita natin ang sumusunod na mga Salitang Hebreo:

***1. "12 At kanilang kukunin ang lahat ng mga <u>kasangkapan na ukol sa pangangasiwa</u> na ipinangangasiwa nila sa santuario, at kanilang ilalagay sa isang kayong bughaw, at kanilang tatakpan ng isang panakip na balat ng foka, at kanilang ipapatong sa patungan." (Bilang 4:12 KJV)*** **'Shareth'** ang Hebrew Salita na ginamit para sa Salitang **'ministeryo'**. Dalawang beses itong inuulit sa Lumang Tipan, na naglalarawan ng ministeryo, sa tabernakulo, sa loob ng lugar ng templo ng Dios. Dito sa ***Bilang 4:12*** inilarawan dito kung paanong kailangang kunin ng mga Levita ang mga kasangkapan ng pangangasiwa at balutin ang mga ito at ilagay ang mga ito sa isang tiyak na paraan. Dapat nilang gawin ang kanilang takdang gawain sa isang sakdal na paraan gaya ng inilarawan.

Ang sistema ng ministerio ay maghintay sa tanggapan na inilagay ka hanggang matupad mo ang gawaing ipinagkatiwala sa ito sa isang sakdal na paraan. ***"6 At ang mga saserdote ay <u>nagsitayo ayon sa kanilang mga katungkulan</u>; gayon din ang mga Levita na may mga panugtog ng tugtugin ng Panginoon, na ginawa ni David na hari na ipinagpasalamat sa Panginoon, (sapagka't ang kaniyang kaawaan ay magpakailan man), nang si David ay dumalangin sa pamamagitan ng kanilang pangangasiwa: at ang mga saserdote ay nangagpatunog ng mga pakakak sa harap nila, at ang buong Israel ay tumayo." (2 Cronica 7:6 KJV)*** Kailangan nating maghintay sa ating katungkulan at tuparin nang maayos ang ating mga ministerio sa mga katungkulang itinakda sa atin.

May kinalaman sa ministeryo laging mga patakaran at paglalarawanng ng mga patuntunan na ito sa Salita ng Dios sa anumang ministerio. ***"47 Mula sa tatlong pung taong gulang na patanda hanggang sa limang pung taong gulang, bawa't isa na pumapasok upang gumawa ng gawang <u>paglilingkod</u>, at ng gawang pagdadala ng mga pasanin sa tabernakulo ng kapisanan," (Bilang 4:47 KJV)*** Dito makikita natin ang alintuntunin ng gulang, 30-50 na taong gulang. Ang Levita na kukunin sa gulang ng 25 upang sanayin, at sa gulang ng 30 sila'y mapapaloob sa paglilingkod. ***"23 At sinalita ng Panginoon kay Moises, na sinasabi, 24 Ito ang nauukol sa mga Levita: mula sa dalawang pu't limang taong gulang na patanda, ay papasok upang maglingkod sa gawa ng tabernakulo ng kapisanan." (Bilang 8:23-24 KJV)*** * Ang pagsasanay ay napakahalaga, na sila'y naihanda; sila'y naturuan at nadisipulo at kapag sila'y ganap na at pagsapit ng tatlumpung taong gulang ay ipapakilala na sila upang gawin ang ministeryo. * Sa gayon ding paraan ngayon, sinabi sa atin ni Jesus na humayo at gumawa ng mga disipulo, bautismuhan sila at turuan silang sundin ang lahat ng natatanggap natin mula sa Panginoon: ***"18 Na ituro ninyo sa kanila na kanilang ganapin ang lahat ng mga bagay na iniutos ko sa inyo: at narito, ako'y sumasa inyong palagi, hanggang sa katapusan ng sanglibutan. Amen" (Mateo 28:18-20 KJV)*** Ang mga alagad pagkatapos ng gayong pagsasanay, sila'y isusugo na pumaroon at gumawa ng bagong mga alagad. Ang alagad ay dapat gumawa ng bagong mga alagad.

Sa Lumang Tipan pagkatapos ng gulang ng 50 ang mga Levita ay namamahala na lamang at pinanatili ang tanggapan habang ang iba ay ginagawa ang paglilingkod. ***"25 At mula sa limang pung taong gulang ay titigil sila sa paglilingkod sa gawain at hindi na sila maglilingkod; 26 Nguni't sila'y mangangasiwa ng kanilang mga kapatid sa tabernakulo ng kapisanan, upang ingatan ang katungkulan, at sila'y walang gagawing paglilingkod. Gayon ang gagawin mo sa mga Levita tungkol sa kanilang mga katungkulan." (Bilang 8:25-26 KJV) **** Kaya sa paglilingkod mayroong panahon na kailangan nating magpakapagal sa paglilingkod sa Panginoon habang tayo'y bata pa, at kailangan nating ipagpatuloy na gawin iyon hanggang sa susunod na salinlahi na handang gawin ang mahirap na gawain ng Dios, at sa ganoong pangyayari kailangan pa rin nating naroroon upang pangasiwaan sila at tingnan ang kabuoang kaganapan ng ministeryo at ng mga kaganapan ng pagsasanay ng bagong mga alagad. * Kung gayon habang ikaw ay bata pa at malakas gamitin ang lahat ng iyong mga talento, kapangyarihan, kalakasan at kapangyarihan para maglingkod sa Panginoon.

***II. Obadah:*** Sa panahon ni David ang mababang limitasyon ng edad para sa mga Levita na maglingkod ay nabawasan sa edad na 20 dahil ang tabernakulo ay hindi na kumikilos. ***"24 Ang mga ito ang mga anak ni Levi, ayon sa mga sangbahayan ng kanilang mga magulang, sa makatuwid baga'y mga pangulo sa mga sangbahayan ng mga magulang doon sa mga nabilang, sa bilang ng mga pangalan, ayon sa kanilang mga ulo, na nagsigawa ng gawain sa <u>paglilingkod</u> sa bahay ng Panginoon, mula sa dalawangpung taong gulang na patanda. 25 Sapagka't sinabi ni David, Ang Panginoon, ang Dios ng Israel ay nagbigay ng kapahingahan sa kaniyang bayan; at siya'y tumatahan sa Jerusalem magpakailan man: 26 At ang mga Levita naman ay hindi na magkakailangan pang pasanin ang tabernakulo at ang lahat na kasangkapan niyaon sa***

***paglilingkod doon. 27 Sapagka't ayon sa mga huling salita ni David ay nabilang ang mga anak ni Levi, mula sa dalawangpung taong gulang na patanda." (1 Cronica 23:24-27 KJV)*** Ang mga Levita ay tinawag para sanayin sa gulang ng 20 at mapaloob sa paglilingkod pagkatapos ng panahon ng kanilang pagsasanay. Ang Hebrew at Arabic na Salita na ginamit para sa **'paglilingkod'** dito ay **'Obadah'**, ay ang pagkapagal, paggawa, pagkaalipin at paglilingkod, tulad ng paggawa ng alipin o lingkod; tulad ng paggawa at paglilingkod ng mga bihag o ng mga nasasakupan ay ang paglilingkod para sa Dios, gaya ng mababasa natin dito: ***"13 Nasa mga tagadala ng mga pasan naman sila, at pinamamahalaan ang lahat na nagsisigawa ng gawain sa sarisaring paglilingkod: at sa mga Levita ay may mga kalihim, at mga pinuno, at mga tagatanod-pinto." (2 Cronica 34:13 KJV)*** Unawain natin at sang ayunan na nag paglilingkod sa Panginoon ay kadalasan ay nangangailangan ng ating sipag at pagsisikap. Sa maraming sitwasyon kailangan nating sumunod sa mga tagubilin ng Salita at patnubay ng Dios at yaon ang gagawin ng paglilingkod sa Dios ay tiyak na mas mahirap gawin. Hindi natin magagawa ang paglilingkod sa Dios tulad ng iba na gumagawa ng parehong gawain sa mundo.

Bukod dito kapag gumawa tayo ng tiyak na paglilingkod sa Dios, maari nating harapin ang pagsalungat ng diablo, at baka maging dahilan iyan ng mas matinding hirap at katigasan ng ating paglilingkod. Samakatuwid, ang paglilingkod sa Dios ay isang tawag na pagtitiis at isang tawag na maging matiyaga sa pagkamit ng lahat ng ating mga atas sa sakdal na paraan at oras.

***III. Yad: "10 Ako rin naman ay nagsalita sa mga propeta, at ako'y nagparami ng mga pangitain; at sa pangangasiwa ng mga propeta ay gumamit ako ng mga talinhaga." (Hosea 12:10 KJV)*** Ang Hebrew at Arabic Salita ay ginamit para sa ministerio sa ***"sa pangangasiwa ng mga propeta"*** ay **'Yad'**, at ito'y ginamit 1447 na beses sa Lumang Tipan, at ang kahulugan ng **'Yad'** ay kamay, pulso, suporta at lakas. Ilan sa mga pagsasagawa ng salitang ito ay makikita natin sa mga Banal Kasulatang ito:

***"18 At isinaysay ko sa kanila ang kamay ng aking Dios na naging mabuti sa akin, at gayon din ang mga salita ng hari na sinalita niya sa akin. At kanilang sinabi, Magbangon tayo at magtayo. Sa gayo'y kanilang pinalakas ang kanilang mga kamay sa mabuting gawa." (Nehemias 2:18 KJV)*** Ang kamay ng Dios ay ang Kanyang ginagawa at nakakamit sa pangangasiwa ngayon. Kapag handa nating gamitin ang ating mga kamay at pulso nang may lakas upang suportahan ang mga gawa ng Dios, kung gayon iyon ang kamay ng Dios na gumagawa sa pamamagitan ng ating buhay at paglilingkod. ***"Sa gayo'y kanilang pinalakas ang kanilang mga kamay sa mabuting gawa."*** Kaya, palakasin natin ang ating mga kamay sa pamamagitan ng kalakasan ng Panginoon at tuparin nating matapat ang pangangasiwa at paglilingkod na itinalagang gawin natin.

***"9 Sapagka't ibig nilang lahat na sidlan ng takot kami, na sinasabi, Ang kanilang mga kamay ay manganghihina sa gawain na anopa't hindi mayayari. Nguni't ngayon, Oh Dios, palakasin mo ang aking mga kamay." (Nehemias 6:9 KJV)*** Ang kaaway ay karaniwang umaatake sa isip upang panghinaan tayo at gawin tayong mahina upang pahinain ang ating mga kamay para maantala ang kamay ng Dios mula sa paggawa at magbunga ng paglilingkod at kung anong nais makamit ng Dios. Kaya, tayo'y manalangin sa Dios at hilingin sa Kanya, 'Panginoon palakasin ang aming mga kamay, hilingin sa Kanya. 'Panginoon palakasin ang aking mga kamay, 'Panginoon palakasin ang aking mga kamay, upang makapagpatuloy nating gawin ang pangangasiwa at paglilingkod sa Dios, at kapag si Jesus ay dumating gagantimpalan Niya tayo at gagantihan ng mabuti sa lahat ng ating pinaghirapan, paglilingkod at pagdurusa sa Kanya.

***"6 At si Ezra ay pumuri sa PANGINOON, na dakilang Dios. At ang buong bayan ay sumagot: Siya nawa, Siya nawa, na may pagtataas ng kanilang mga kamay: at kanilang iniyukod ang kanilang mga ulo, at nagsisamba sa PANGINOON na ang kanilang mga mukha'y nakatungo sa lupa." (Nehemias 8:6 KJV)*** Pagtataas ng mga kamay sa Dios ay isang gawa ng pananampalatay at sa pagsang ayon sa Dios na gawin at alalayan ang mga gawain ng Dios, Kaya nga, itaas natin ang ating mga kamay sa Panginoon sa pagsang ayon sa Kanyang Salita, at pagsang ayon sa patnubay ng Banal na Espiritu, upang patuloy na maglingkod sa Kanya at patuloy na gawin ang Kanyang kalooban at ang Kanyang mga gawa.

Sa Bagong Tipan makikita natin ang sumusunod na mga Salitang Griyego na nagsasabi tungkol sa salitang **'ministeryo'**:

***IV. Leitourgia:*** Na ibig sabihin ay paglilingkod o sakripisyong iniaalay upang mangasiwa sa sariling paglalaan, isang kusang loob, o mag alay ng kaloob o pagpapala para sa pagtulong sa mga nangangailangan. Ang Salitang ito ng **'Leitourgia'**, ay inilarawan ang paglilingkod ni Jesus, na inihandog ang Kanyang katawan upang mamatay sa krus; isang sakripisyo para sa ating mga kasalanan, upang tubusin tayo at bigyan tayo ng kaloob ng buhay, ang buhay na walang hanggan. Ang sumusunod ay ilan sa mga Banal na Kasulatan na ang Salitang **'Leitourgia'** ay binanggit sa mga ito:

***A. Hebrew 8:1-6*** ay sinalita ang tungkol kay Jesus na nakakuha ng mas mahusay na ministeryo sa pagbili at pagtatayo ng Kanyang simbahan nang mas mahusay kaysa sa pangangasiwa ni Moises sa pagtatayo ng tabernakulo ng Lumang Tipan:

***"1 Ang kinauuwian nga ng mga bagay na aming sinasabi ay ito: Mayroon tayong isang dakilang saserdote, na nakaupo sa kanan ng luklukan ng Karangalan sa mga langit, 2 Ministro sa santuario, at sa tunay na tabernakulo, na itinayo ng Panginoon, hindi ng tao. 3 Sapagka't ang bawa't dakilang saserdote ay inilagay upang maghandog ng mga kaloob at ng mga hain naman: sa ganito'y kinakailangan din namang siya'y magkaroon ng anomang ihahandog. 4 Kung siya nga'y nasa lupa ay hindi siya saserdote sa anomang paraan, palibhasa'y mayroon nang nagsisipaghandog ng mga kaloob ayon sa kautusan; 5 Na nangaglilingkod sa anyo at anino ng mga bagay sa kalangitan, gaya naman ni Moises na pinagsabihan ng Dios nang malapit ng gawin niya ang tabernakulo: sapagka't sinabi niya, Ingatan mo na iyong gawin ang lahat ng mga bagay ayon sa anyong ipinakita sa iyo sa bundok. 6 Datapuwa't ngayo'y kinamtan niya ang ministeriong lalong marangal, palibhasa'y siya nama'y tagapamagitan sa isang tipang lalong magaling, na inilagda sa lalong mabubuting pangako." (Hebrew 8:1-6 KJV)*** Si Jesus ay nabuhay sa kadustahan, ang kahihiyan ng ating mga kasalanan, at nagdusa upang ialay sa atin ang buhay na walang hanggan. Kaya nga, ang ministeryo sa Bagong Tipan ay isang sakripisyo, isang bagay na baybayin, ibinigay sa Panginoon, nagdudulot sa iyo ng sakit, at yaon ay kusang loob mong ibinibigay sa Panginoon.

Kaya nga, ang paglilingkod sa Panginoon ay hindi yaon naghahanap ka ng isang bagay na madali, kundi ito ay isang leitourgia, pagdurusa sa sakit at sa kabuoang kusang loob. Ang sumusunod kung saan pinalawak ang Salitang **'Leitourgia'**, ay ginamit:

***"23 At nangyari, na nang maganap na ang mga araw ng kaniyang paglilingkod, siya'y umuwi sa kaniyang bahay." (Lucas 1:23 KJV)*** Ang paring si Zecarias ay umalis sa templo ng Dios at umuwi nang natapos niya ng pagtayo sa kanyang paglilingkod at katungkulan sa templo ng Dios. Kaya tayo mismo ay hindi dapat umalis at magpahinga nang hindi natatapos ang itinakda para sa atin mula sa paglilingkod at ministeryo.

***B. "12 Sapagka't ang pangangasiwa sa paglilingkod na ito ay hindi lamang tumatakip sa pangangailangan ng mga banal, kundi naman umaapaw sa pamamagitan ng maraming pagpapasalamat sa Dios;" (2 Corinto 9:12 KJV)*** Ang pagbibigay ng materyal na suporta sa ministeryo ng Dios ay isang masakit na pagsasakripisyo, ngunit iyon ay may malaking epekto, Ang pagbibigay ng iyong ikapu, ng iyong mga handog, at ng iyong unang bunga ay maaring napakasakit dahil tinawag na kunin ang mga bagay mula sa iyong pinagpagalan. Ngunit ginagawa mo iyon dahil batid mo ang Dios at pararangalan ka ng Panginoon para doon. Ang halaga ng paglilingkod na ito ay gaya ng sumusunod:

1. ito ay kaaya aya sa Panginoon.
2. Ito ang nagtutustos ng mga pangangailangan ng mga banal.
3. ito ang nagtutustos ng mga pangangailangan ng simbahan at ng ministeryo.
4. Ginagamit ito para tulungan ang mga bagong tao sa evangelio ni Jesucristo.
5. Ito ay mabunga dahil ang mga taong makikinig sa mensahe at naligtas ay magsisimula nilang purihin ang Dios at maglingkod sa Kanya.
6. Ang mga makikinabang sa paglilingkod na ito ay kanilang luwalhatiin ang Dios at ipagpapasalamat Siya sa iyong sakripisyo na kusang loob mong ginagawa upang maglingkod sa Panginoon.

Ating basahin ang ***2 Corinto 9:6-15*** upang mapaalalahanan at magkaroon ng mas malalim na kaunawaan. ***"6 Datapuwa't sinasabi ko, Ang naghahasik ng bahagya na ay magaani namang bahagya na; at ang naghahasik na sagana ay magaani namang sagana. 7 Magbigay ang bawa't isa ayon sa ipinasiya ng kaniyang puso: huwag mabigat sa loob, o dahil sa kailangan: sapagka't iniibig ng Dios ang nagbibigay na masaya. 8 At maaaring gawin ng Dios na ang lahat ng biyaya ay magsisagana sa inyo; upang kayo, na mayroong laging buong kaya sa lahat ay magsipanagana sa bawa't mabuting gawa: 9 Gaya ng nasusulat, Siyang nagsabog, siyang nagbigay sa mga dukha; Ang kaniyang katuwiran ay nananatili magpakailan man. 10 At ang nagbibigay ng binhi sa naghahasik at ng tinapay na pinakapagkain, ay magbibigay at magpaparami ng inyong binhi upang ihasik, at magdaragdag ng mga bunga ng inyong katuwiran: 11 Yamang kayo'y pinayaman sa lahat ng mga bagay na ukol sa lahat ng kagandahang-loob, na nagsisigawa sa pamamagitan namin ng pagpapasalamat sa Dios. 12 Sapagka't ang pangangasiwa sa paglilingkod na ito ay hindi lamang tumatakip sa pangangailangan ng mga banal, kundi naman umaapaw sa pamamagitan ng maraming pagpapasalamat sa Dios; 13 Palibhasa'y sa pagsubok sa inyo sa pamamagitan ng ministeriong ito ay niluluwalhati nila ang Dios dahil sa pagtalima ng inyong pagkilala sa evangelio ni Cristo, at dahil sa kagandahang-loob ng inyong ambag sa kanila at sa lahat; 14 Samantalang sila rin naman, sa panalanging patungkol sa inyo, ay nananabik sa inyo dahil sa saganang biyaya ng Dios sa inyo. 15 Salamat sa Dios dahil sa kaniyang kaloob na di masabi." (2 Corinto 9:6-15 KJV)***

***C. "Oo, kahit ako'y maging hain sa paghahandog at paglilingkod ng inyong pananampalataya, ako'y nakikipagkatuwa, at nakikigalak sa inyong lahat:" (Filipos 2:17 KJV)*** Handang ialay ni Pablo ang kanyang buhay bilang isang hain para lamang sa layunin ng pagtatag ng pananampalataya ng iba, at kusang loob niyang ginawa iyon nang may kagalakan tulad ng sinabi Niya, ***"ako'y nakikipagkatuwa, at nakikigalak sa inyong lahat:"*** Samakatuwid, mga Kapatid, kailangan nating magalak at magsaya kung iniaalay natin ang ating buhay, mga gamit, pera at iba pang materyal na bagay para sa paglilingkod sa iba.

***D. "25 Nguni't inakala kong kailangang suguin sa inyo si Epafrodito, na aking kapatid at kamanggagawa, at kapuwa kawal at inyong sugo at katiwala sa aking kailangan 26 Yamang siya'y nananabik sa inyong lahat, at totoong siya'y namanglaw, sapagka't inyong nabalitaan na siya'y may-sakit: 27 Katotohanan ngang nagkasakit siya na malapit na sa kamatayan: nguni't kinahabagan siya ng Dios; at hindi lamang siya kundi pati ako, upang ako'y huwag magkaroon ng sapinsaping kalumbayan. 28 Siya nga'y sinugo kong may malaking pagpipilit, upang, pagkakitang muli ninyo sa kaniya, kayo'y mangagalak, at ako'y mabawasan ng kalumbayan. 29 Tanggapin nga ninyo siya sa Panginoon ng buong galak; at ang gayon ay papurihan ninyo: 30 Sapagka't dahil sa pagpapagal kay Cristo ay nalapit siya sa kamatayan, na isinasapanganib ang kaniyang buhay upang punan ang kakulangan sa inyong paglilingkod sa akin." (Filipos 2:25-30 KJV)*** Si Epafrodito, ang kasama ni Pablo ay kusang loob alang alang sa gawain ni Cristo, maging ang kanyang buhay hanggang sa kamatayan upang matustusan ang mga taga Filipos sa kakulangan ng kanilang paglilingkod kay Pablo gaya ng mababasa natin dito, ***"Sapagka't dahil sa pagpapagal kay Cristo ay nalapit siya sa kamatayan, na isinasapanganib ang kaniyang buhay upang punan ang kakulangan sa inyong paglilingkod sa akin."***

***Sa aking mahal at minamahal:*** Gaya ng iyong binasa, o narinig at ikaw ay naliwanagan sa Salita ng Dios, italaga ang iyong buhay sa ministeryo ng Dios, pagpapasakop sa mga tuntunin ng Dios, at kusang loob na magamit ang iyong buhay bilang isang hain, ang **'Leitourgia'**, pagsunod sa halimbawa ni Jesus, sa halimbawa ni Pablo, sa halimbaa ni Epafrodito, upang ang kaligtasan ng Dios ay lumaganap sa iba, at ang iyong paglilingkod ay pagyamanin ang simbahan ng Dios at ng mga banal.

Huwag kang mahadlangan sa anumang dahilan para maglingkod sa Dios at makibahagi ka sa ministeryo. Alalahanin din at ilagay sa iyong isipan na marami ang pagpapalain ng iyong ministeryo, at gagantimpalaan ka ng Panginoon sa iyong pagsisikap at pagdurusa sa iyong ministeryo. Huwag ninyong ialay ang inyong buhay sa mga makamundong bagay kundi lumapit at maglingkod sa Panginoon. Diablo sinasaway kita sa pangalan ni Jesus, lumayo ka sa bayan ng Dios. Lahat kayo ay lumapit sa Dios at simulang maglingkod sa Kanya.
Tayo ay manalangin….

***Ang aking Panalangin:*** Amang Dios, Ako'y lumapit sa iyo sa pangalan ni Jesus, na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan at nabuhay na maguli sa mga patay upang bigyan ako ng walang hanggang buhay. Panginoon salamat para sa lahat ng mga turo, pagtutuwid at pagpapayo na tinanggap ko sa mensaheng ito. Panginoon ipinangako ko ang aking sarili sa mga alintuntunin na aking natutunan mula sa iyong Salita.

Ating ipagtapat sa mga Panginoon ang ating mga kasalanan. Magsisi sa iyong mga katamaran, kamunduhan, pagkamakasarili, ang iyong pakikisama sa hindi mga mananampalataya at kaibigan at pagsasayang ng oras sa Media, Mga Balita, mga laro, atbp. Panginoon patawarin ako ako'y nagsisi sa mga sumusunod na mga kasalanan _________________

Lumapit ang lahat sa inyo at simulan ang paglilingkod sa Panginoon at gawin ang Kanyang mga gawa at tamasahin ang Kanyang presensya at ang Kanyang mga himala at kababalaghan sa inyong buhay.

Panginoon, iniaalay ko ang mga bahagi ng aking katawan bilang buhay na hain upang paglingkuran ka at iyong mga gawain nang buo ayon sa iyong itinakda. Panginoon handa akong magdusa para sa iyo at para sa layunin ng iyong Salita at iyong kaligtasan. Bigyan ako ng Panginoon ng mabuting kalusugan; lakas at pagtitiyaga upang patuloy na maging mabunga at epektibo hanggang sa dumating ka at dalhin ako sa Langit. Panginoon narito ako, 'Ipadala mo ako sa mga kaluluwang nawala'. Panginoon puspusin ako ng Banal na Espiritu at bigyan ako ng mga kaloob ng Banal na Espiritu na kailangan kong ipalaganap ang iyong Salita.

Panginoon dalangin ko para sa aking mga Kapatid na Lalaki at Babae na ipinangako ang kanilang buhay na maglingkod sa iyo at mamuhay ayon sa aming natutunan sa iyong Salita. Panginoon bigyan kami ng katapangan at alalayan sila upang ipahayag ang iyong Salita at ang iyong kalooban sa mga tao na iyong ipinadala sa amin. Panginoon protektahan sila at ibigay ang kanilang pangangailangan. Panginoon puspusin sila ng Banal na Espiritu upang sila'y makaparoon at mag evangelio at gumawa ng mga alagad. Panginoon hayaan ang kanilang buhay patotoo makaakit sa iba at dalhin sila sa iyong Kaharian. Panginoon dalangin ko para sa iba upang ibigay ang kanilang buhay sa iyo at simulang maglingkod sa iyo.

Panginoon pagpalain kami bilang isang simbahan at ipagkaloob sa amin ang espirituwal na mga kaloob na kailangan naming magpatuloy at gumawa ng mga alagad sa lahat ng mga bansa. Panginoon paging dapatin kami upang ipahayag ng iyong Salita nang buo sa mga taong iyong ipinapadala sa amin. Panginoon paging dapatin kami upang mag ebanghelyo at upang maabot ang mga naliligaw at bagong lugar ng Evangelio ni Jesus. Tulungan po kami ng Panginoon na makapagtanim ng mga bagong pag aaral sa Bibliya, mga bagong kapisanan, at makapagtatag ng mas maraming disipulo at manggagawa na maglilingkod sa inyo. Panginoon patuloy kaming protektahan at ibigay ng ang lahat ng aming pangangailangan. Panginoon pagpalain kami, palawakain ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay at ilayo kami sa kapahamakan upang hindi namin madama ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus, at ang pagibig ng Dios, at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE380315157600375316201
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com